| | |
|---|---|
| JANUARY | Makugihon |
| FEBRUARY | Mahigugmaon |
| MARCH | Matinabangon |
| APRIL | Matinahuron |
| MAY | Mahapsay og Malinyo |
| JUNE | Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras |
| JULY | Maantigo og Maabilidad |
| AUGUST | Maginhunahunaon para sa Uban |
| SEPTEMBER | Madaginuton |
| OCTOBER | Matinud-anon |
| NOVEMBER | Masaligan |
| DECEMBER | Maalampuon |

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

3

# ARTS

## Quarter 3-Modyul 2
## Print Making



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________



# Alamin

Ang disenyo na tinatawag ding sulawing, sulam, sulambi o antangan, ay ang pagpaplanong naglalatag ng basehan para sa paggawa ng isang bagay o sistema.

Ang mga Pilipino ay gumagawa ng mga kaakit-akit na disenyo. Ang kanilang talino at kasanayan sa paglikha ay naipapakita nila sa paggawa ng iba't ibang kagamitan.

Sa modyul na ito, inaasahang makakamit mo ang mga sumusunod na layunin:

A. Naipapaliwanag ang kahulugan ng nilikhang disenyo (A-3PR-IIIe)
B. Na-iistensil ang papel o plastic sheet na gagamitin para sa maramimg mga kopya sa tela o matigas na papel. (A-3PR-IIIf)
C. Nakasusulat ang isang islogan tungkol sa kapaligirang nag-uugnay ng mga mensahe na nakaprint sa mga t-shirt, posters, banners o bags. (A-3PR-IIIg)
D. Nakalalahok sa isang eksibit ng paaralan, distrito at nagtatapos sa aktibidad sa pagdiriwang ng National Arts Month (Pebrero) (A-3PR-IIIh)



# Subukin

Sa gawain ito, ating balikan ang iyong natutunan tungkol sa mga disenyo.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod na pangugusap ang tama?
   a. Sa paglilikha ng mag disenyo ay maaring gumamit ng paulit-ulit na hugis at linya.
   b. Isang linya lamang ang kailangan gamitin sa paggawa ng disenyo.
   c. Hindi mahalaga ang paglikha ng disenyo.
   d. Mahirap gumawa ng isang disenyo.
2. Ano ang disenyo?

a. Pagpaplanong naglalatag ng basehan para sa paggawa ng isang bagay
b. Pampublikong pagpapakita ng mga likhang sisning, aytem o interest sa isang museo
c. Isang kasabihan o motto
d. Paglalagay ng pangkulay sa ibabaw ng mga bagay

3. Upang makabuo ng isang imahe, saan nilalagay ang mga pangkulay sa pag-iistencil?
   a. Sa ilalim ng mga bagay
   b. Sa ibabaw ng mga bagay
   c. Sa gilid ng mga bagay
   d. Lahat ng mga nabanggit

## Balikan

Pag-aralan mabuti ang larawan ni Lina at ang kanyang kapaligiran sa ibaba. Ano ang ginagawa ni Lina? Ano -anong disenyo ang makikita rito? Sa iyong sariling opinyon, ano ang ipinahihiwatig nito? Isulat ang sagot sa patlang na nasa ibaba.




## Tuklasin

Pag-istensil: Gumawa at gumupit ng istensil na gawa sa papel o mga bagay na makikita sa kapaligiran na gagamitin para sa maraming mga kopya sa matigas na papel.

Materyales: gamit na folder o matigas na papel (saan ilagay ang istencil na letra), pampakulay ( water color o pintura), malambot na brush, gunting, cardboard (pang-istencil na letra)


Mga hakbang:

1. Mag-isip ng mga bagay mula sa kapaligiran o mga salita na maaring ngalan ng lugar, tanyag na tao, bagay o hayop.
2. Isulat sa cardboard gamit ang lapis o anumang gamit na panulat.
3. Gupitin ang gilid ng letra gamit ang gunting upang makagawa ng butas.
4. Kailangan mag-ingat sa paggamit ng gunting, humingi ng tulong sa magulang.




5. Ilagay ang ginawang istensil sa taas ng matigas na papel o gamit na folder. Simula nang pahiran ng pampakulay,siguraduhin dumaan ang kulay sa butas.

Halimbawa:




Rubrics sa Paggawa ng istensil.

| Kriterya | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 1 |
| 1. Nakagawa ng disenyo gamit ang istensil. | | | |
| 2. Nagpapakita ng galing sa paggupit at pagkulay. | | | |
| 3. Malinis at maayos ang paggawa ng istensil. | | | |



## Suriin

Batay sa ginawa ninyo sa Tuklasin, ano ang natutunan ninyo sa pag-iistensil?

Ang pag-iistensil ay nakabubuo ng imahe o pangretorika (pattern) sa pamamagitan ng paglalagay ng pangkulay sa ibabaw ng mga bagay na may paulit-ulit na disenyo gamit ang kamay o makina. Maaaring gumamit ng mga bagay mula sa kapaligiran o mga salita na ngalan ng tao, ngalan ng lugar, bagay o hayop.




# Pagyamanin

Panuto: Paggawa ng islogan gamit ang pag-iistencil

Mga hakbang

1. Ihanda ang puting papel.
2. Mag-isip ng maikling pangungusap para sa gagawin na islogan, tungkol sa kapaligiran gamit ang pag-iistencil.
3. Idikit ang nagawang istencil sa isang makapal na papel.
4. Pahiran ng pampakulay, siguraduhing nakapwesto ang screen na may stencil sa bubuuing disenyo.
5. Pagandahin ang islogan gamit ang pag-iistencil.

   Halimbawa:




Rubrics sa Paggawa ng islogan.

| Kriterya | Puntos | | |
|---|---|---|---|
| | Napakahusay 3 | Mahusay 2 | Hindi gaanong Mahusay 1 |
| 1. Nakagawa ng islogan tungkol sa kapaligiran gamit ang pag-iistencil. | | | |
| 2. Nagpapakita ng galing sa pagbuo ng konsepto. | | | |
| 3. Malinis at maayos ang pagkakagawa ng slogan. | | | |



# Isaisip

**Panuto:** Punan ang mga pangungusap ng tamang salita para mabuo ito.Piliin ang sagot sa loob ng kahon

| | | |
|---|---|---|
| Kasabihan | maalala | kapaligiran |

Ang islogan ay isang ________________ o motto ng isang tao na paulit-ulit mong naririnig at madaling ____________




# Isagawa

Paghahanda ng Gawain para sa Eksibit

**Mga hakbang**:

1. Tipunin ang mga nagawang likhang sining tulad ng istensil, islogan at mga larawan.
2. Ayusin ang mga ito ayon sa nais mong disenyo at idikit sa isang buong kartolina.
3. Lagyan ng pangalan ang bawat nagawang sining.
4. Ipasa sa guro para sa gaganaping na eksibit.






# Tayahin

Panuto:Pagtambalin ang hanay A at hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

Hanay A

___1. Islogan

___2.Istensil

___3.Disenyo

___4. Eksibit

___5. Elemento ng disenyo

Hanay B

a. Hugis, linya,tekstura,kulay

b. Pampublikong pagpapakita ng mga likhang sining, aytem o interest sa isang museyo.

c.Pagplanong nagtataglay ng basehan para sa paggawa ng isang bagay.

d. Isang kasabihan o motto ng isang tao na paulit ulit mong maririnig at madaling maalal

e.Ito ay nakakabuo ng imahe o pang retorika(pattern) sa pamamagitan ng paglagay ng pang kulay sa ibabaw ng mga bagay na may paulit-ulit na disenyo.



## Karagdagang Gawain

Base sa iyong natutunan sa modyul na ito, gumuhit ng isang larawan na may disenyong nagpapakita ng iyong kasalukuyang nararamdaman gamit ang pag-iistencil.

Rubrics sa Paggawa ng larawan na may disenyo.

| Kriterya | Puntos |
|---|---|

| | Napakahusay 3 | Mahusay 2 | Hindi gaanong mahusay 1 |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakaguhit ng larawan na may disenyong nagpapakita ng kasalukuyang nararamdaman. | | | |
| 2. Malinis at maayos ang pagkakaguhitng larawan | | | |
| 3. Nagpapakita ng galing sa pagguhit. | | | |

# Susi sa pagwawasto

Isaisip
Kasabihan
Maalala

Subukin
1.a
2.a
3.b

Tayahin
1.d
2.e
3.c
4.b
5.a

Subukin
(Posibleng sagot)
Linya, hugis, kulay

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Shirryl C. Abdurasid T-II, Ajibon E/S
Vivirly I. Hassan T-I, Ajibon E/S
Tagasuri: Nuayme S. Enriquez, EPS
Fadher G. Ismael, PSDS, Isabela West District 3
Isabela City Division
Tagaguhit: Natividad L. Onayan
Tagalapat: Acama A. Lawama T-II, Ajibon E/S